Ordinansa sa Pagsuporta sa mga Dayuhang Residente at mga Multikultyural na Pamilya sa Punong-lungsod ng Daegu

(Pagsasabatas) 2013-04-10 Ordinansa

Kabanata 1 Pangkalahatang Probisyon

Artikulo 1 (Layunin)

Ang layunin ng ordinasang ito ay magtaguyod ng administratibong planong pangsuporta na kailangan para sa isang matatag na buhay pamilya at malayang pamumuhay ng mga dayuhang residente at multikultyural na mga pamilya, at sa makatuwid, ay hayaan silang manirahan bilang mga kasapi ng lokal na komunidad.

Artikulo 2 (Mga Pagpapakahulugan)

Ang mga termino na ginamit sa ordinansang ito ay dapat na tukuyin gaya ng mga sumusunod.

1. Ang terminong "dayuhang residente" ay nangangahulugang dayuhan na naninirahan sa hurisdiksiyon ng Punong-lungsod ng Daegu (simula rito ay tinutukoy bilang "lungsod") sa loob ng higit sa 90 araw at naghahanap buhay, at isang taong nagtamo ng nasyonalidad ng Republika ng Korea at ang kanyang anak/mga anak na hindi pamilyar sa wika, kultura, at pamumuhay sa Korea.
2. Ang terminong "multikultyural na pamilya" alinsunod sa Batas sa Suporta sa Multikultyural na mg Pamilya ay nangangahulugan ng alinman sa mga sumusunod:
   (a). Isang pamilyang binubuo ng imigrante sa pamamgitan ng kasal na tinutukoy sa subparagraph 3 ng Artikulo 2 ng Batas sa Balangkas ng Pagtrato sa mga Dayuhang Naninirahan sa Republika ng Korea at ng taong nagtamo ng nasyonalidad ng Republika ng Korea alinsunod sa Artikulo 2 hanggang 4 ng Batas sa Nasyonalidad.
   (b) Isang pamilyang binubuo ng taong nagtamo ng nasyonalidad ng Republika ng Korea alinsunod sa Artikulo 3 at 4 ng Batas sa Nasyonalidad at ang taong nagtamo ng nasyonalidad ng Republika ng Korea alinsunod sa Artikulo 2 hanggang 4 ng Batas sa Nasyonalidad.
3. Ang terminong "suportang grupo para sa dayuhang residente at multikultyural na pamilya" (simula rito ay tinutukoy bilang "suportang grupo") ay nangangahulugang non-profit na korporasyon o grupo na ang pangunahing gawain ay ang pagtulong sa mga dayuhang residente at multikultyural na pamilya.

Artikulo 3 (Estado ng mga Dayuhang Residente at Multikultyural na Pamilya)

Maliban na naitakda sa isang atas o sa ibang ordinansa, ang mga dayuhang residente at multikultyural na pamilya ay maaring patas na magamit ang mga pag-aari ng lungsod at mga pampublikong mga pasilidad bilang mga residente at may karapatan sa iba't ibang mga administratibong benepisyo.

Artikulo 4 (Pananagutan ng Alkalde)

(1) Ang alkalde ng Punong-lungsod ng Daegu (simula rito ay tinutukoy bilang "alkalde") ay dapat na bumuo ng tamang batas na makatutulong sa mga dayuhang residente at mga multikulyural na pamilyang naninirahan sa loob ng hurisdiksyon upang matamasa ang maasyos na buhay pamilya at maagang paninirahan sa lokal na komunidad.

(2) Ang alkalde ay dapat na gamitin ang kanyang kapangyarihan upang magtaguyod ng isang sangay na ganap na nakatuon sa mga patakarang pangsuporta sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilyang naninirahan sa lungsod at dapat na gumawa ng mga hakbang upang mapanatili ang mga tauhan at pangangailangang pinansyal.

(3) Ang alkalde ay dapat na gamitin ang kanyang kapangyarihan upang tulungan ang mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya na makilahok sa administrasyon ng lungsod bilang mga kasapi ng lokal na komunidad.

Artikulo 5 (Pagtatatag ng mga Planong Pangsuporta)

(1) Ang alkalde ay dapat ng magtatag, magpatupad, at tasahin ang planong pangsuporta para sa mga dayuhang residente at mgamultikultyural na pamilya" (simula rito ay tinutukoy bilang "planong pangsuporta") sa bawat taon.

(2) Ang planong pangsuporta ay dapat na kinapapalooban ng mga sumusunod nga mga talata.

1. Mga bagay patungkol sa layunin at bisyon sa pagsuporta sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya;
2. Mga bagay patungkol sa mga patakaran para sa pagsuporta sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya;
3. Edukasyon at pagtataguyod ng pagbuo sa isang malusog na klima para sa internasyonal na kasalan at pag-unawa sa multikultyurismo;
4. Pagseguro sa mapagkukunang pinansyal para sa mga proyektong may kinalaman sa pagsuporta sa mga multikultyural na pamilya;
5. Mga bagay patungkol sa konesyon ng mga serbisyo sa bawat organisasyon at pagtatatag ng isang kooperatibang sistema para sa mahusay na pagbuo ng mga proyekto hinggil sa pagsuporta sa mga multikultyural na pamilya;
6. Mga bagay patungkol sa pagtatatag ng kooperatibang sistema sa mga non-governmental organization.
7. Ang iba pang mga bagay na ipinagpapalagay na kailangan para sa pagsuporta sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya.

(3) Kapag magtatatag ng mga plano alinsunod sa talata (1), ang alkalde ay dapat na isaalang-alang ang master plan at pagpapatupad ng nabuong plano alinsunod sa Batas sa Balangkas ng Pagtrato sa mga Dayuhang Naninirahan sa Republika ng Korea at ang Batas sa Suporta para sa mga Multikultyural na Pamilya.

(4) Ang planong pangsuporta alinsudo sa talata (1) ay dapat na makumpirma sa pamamagitan ng deliberasyon ng "konseho para sa pagsuporta sa mga dayuhang residente at mga multikultyural

na pamilya" bilang utos sa ilalim ng Artikulo 9.

Artikulo 6 (Subject ng Suporta)

Mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya na naninirahan sa lungsod ay dapat na mabigyan ng suporta. Subalit, ang mga taong walang legal na estado upang legal na manirahan sa Republika ng Korea alinsunod sa Batas sa Pamamahala ng Imigrasyon ay hindi kabilang.

Artikulo 7 (Saklaw ng Suporta)

(1) Ang saklaw ng tulong para sa mga dayuhang residente ay ang mga sumusunod:

1. Pagbibigay ng edukasyon sa wikang Koreano, paninirahan, at pakikibagay;
2. Pagbibigay ng payo para sa karaingan, buhay, batas, hanapbuhay, atbp;
3. Pagbibigay ng mga kapaki-pakinaban na mga pasilidad at pangkagipitang tulong.
4. Pagsasagawa ng mga pangkultura at pampalakasan mga gawain para sa mga dayuhang residente.
5. Ibang pang mga bagay na ipinagpapalagay na mahalaga ng alkalde para sa pakikibagay ng mga dayuhang residente sa local na komunidad.

(2) Ang saklaw ng suporta para sa mga multikultyural na pamilya ay ang mga sumusunod;

1. Pagbibigay ng edukasyon at pagtataguyod ng pang-unawa sa mga multikultyural na pamilya;
2. Pagbibigay ng pangunahing impormasyon sa buhay para mga imigrante sa pamamagitan ng kasal-pagsuporta sa edukasyon para sa panlipunang pag-a-adjust, edukasyong bokasyonal, at pagsasanay;
3. Pagbibigay ng mga propesyonal na serbisyo, gaya ng konsultasyong pampamilya, edukasyong pangmag-asawa, edukasyong pangmagulang, edukasyon sa buhay pamilya, atbp., bilang relasyon sa mga multikultyural na pamilya;
4. Pagbibigay ng proteksyon at suporta para sa mga imigrante sa pamamagitan ng kasal na naging biktima ng karasahan at ang kanilang mga anak;
5. Pagbibigay ng suporta sa pamamahala ng kalusugan tungkol sa pagbubuntis-panganganak para sa mga imigrante sa pamamagitan ng kasal;
6. Pagbibigay ng pag-aalaga sa bata at suporta sa edukasyon para sa mga multikultyural na pamilya
7. Iba pang mga bagay na kailangan para sa maayos na buhay pamilya ng mga multikultyural na pamilya

(3) Ang alkalde ay dapat na gamitin ang kanyang kapangyarihan upang suportahan ang pondo na kailangan sa pagpapatupad ng mga programa na may kinalaman sa talata (1) at (2).

Artikulo 8 (Mga Polisiya ng Paglahok ng mga Dayuhang Residente, atbp.)

(1) Ang alkalde ay dapat na gamitin ang kanyang kapangyarihan upang ang mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya ay makalahok sa mga polisiya.

(1) Ang alkalde ay dapat na bumuo ng mga kondisyon upang ang mga dayuhang residente at

mga multikultyural na pamilya ay makalahok sa mga pangboluntaryong aktibidad ng lokal na komunidad.

Kabanata 2 Konseho para sa Pagsuporta sa mga Dayuhang Residente at mga Multikultyural na Pamilya

Artikulo 9 (Pagtatatag ng Konseho)

(1) Ang "Konseho para sa Pagsuporta sa mga Dayuhang Residente at mga Multikultyural na Pamilya ng Punong-lungsod ng Daegu" (simula rito ay tinutukoy bilang "Konseho") sa ilalim ng hurisdiksyon ng alkalde ay dapat na maitatag upang mapag-isipang mabuti at kumonsulta sa mga polisiya hinggil sa tulong sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya.

(2) Ang konseho ay dapat na binubuo ng 15 kasapi, kabilang ang 1 punong tagapangasiwa, at ang mga naitalagang kasapi ay dapat na higit sa kalahati ng mga kasapi. Subalit, ang panumbasan ng pangkasariang komposisyon ng mga naitalagang mga miyembo ay dapat na naaayon sa "Ordinansa sa Iba't Ibang Komposisyon ng Komite at Operasyon ng Punong-lungsod ng Daegu."

(3) Ang mga kasapi ng Konseho ay ang mga sumusunod:

1. Mga Opisyal na kasapi: bise-alkalde para sa mga gawaing administratibo, direktor ng sangay na mamamahala ng suporta sa mga dayuhan, mga taong nasa angkop na posisyon sa mga ahensyang sumusuporta sa mga dayuhang residente kabilang ang Tanggapan ng Edukasyon, Ahensya ng Pambansang Kapulisan, Sentro ng Seguridad sa Hanapbuhay, Tanggapan ng Imigrasyon, atbp.
2. Mga naitalagang kasapi: sentro ng suporta sa mga multikultyural na pamilya, mga organisasyon, mga entity, akademya na may relasyon sa pagsuporta sa mga dayuhang residente, taong itinalaga ng alkalde na kabilang sa mga dayuhang residente at mga pamilyang multikultyural na naninirahan ng higit na sa isang taon, at ang taong inirekomenda ng alkalde ng Punong-lungsod ng Daegu.

(4) Ang punong tagapangasiwa ng konseho ay dapat na ang bise alkalde para sa mga administratibong gawain at ang pangalawang tagapangasiwa ay dapat na mahalal mula sa mga kasapi.

(5) Ang naitalagang termino ng panunungkulan ng kasapi ay dapat na dalawang taon at maaring manungkulang ng isa pang kasunod na termino.

(6) Ang konseho ay dapat na mayroong isang ehekutibong kalihim na mangangasiwa sa mga gawain ng Konseho at ang ehekutibong kalihim ay dapat na maging punong tagapamahala ng mga gawain hinggil sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya.

Atikulo 10 (Tungkulin ng Konseho)

Ang konseho ay dapat na mag-usap at kumonsulta sa mga sumusunod na may kinalaman sa pagsuporta sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya.

1. Mga bagay na may kinalaman sa pagtatatag, pagpapatupad, at pagtitiyak sa planong pangsuporta;
2. Mga bagay na may kinalaman sa kooperasyon hinggil sa mga lokal na pangkaraniwang mga isyu ng planong pangsuporta ;
3. Mga bagay na may kinalaman sa pagpapaunawa ng lokal na komunidad bilang kasamahan;
4. Mga bagay na may kinalaman sa mga program sa suporta sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya alinsunod sa Artikulo 7;
5. Iba pang mga bagay na ipinagpapalagay ng alkalde o punong tagapangasiwa na kailangan.

Artikulo 11 (Punong tagapangasiwa)
Ang punong tagapangasiwa ay kumakatawan sa Konseho at may ganap na pamamahala sa Konseho. Kung sakaling ang punong tagapangasiwa ay nabigong gampanan ang kanyang mga tungkulin, ang pangalawang tagapangasiwa ang magiging pansamantang punong tagapamahala.

Artikulo 12 (Pagpupulong)
(1) Kailangang may ordinaryong pagpupulong na magaganap isang beses sa isang taon. Ang pansamantalang pagpupulong ay gaganapin kung ipagpapalagay ng alkalde o ng punong tagapangasiwa na ito ay kinakailangan.
(2) Ang konseho ay bubuksan ang pagpupulong ng may mayorya ng mga kasapi at gagawa ng pasya batay sa nagkakaisang boto ng mayorya ng mga kasaping naroon.

Artikulo 13 (Paghingi ng mga Opinyon, atbp.)
Kung kinakailangan, ang Konseho ay dapat magkaroon ng mga pampublikong opisyal at mga propesyonal, atbp., na dadalo sa pagpupulong upang hingin ang kanilang mga opinsyon o humiling na magsumite ng mga kinakailangang impormasyon.

Artikulo 14 (Rasyon para sa mga Kasapi, atbp.)
Ang mga kasapi na dumalo sa pagpupulong ng Konseho ay makakatanggap ng rasyon sa loob ng itinakdang pondo sa pamamagitan ng "Ordinansa sa Iba't Ibang mga Komposisyon ng Komite at Operasyon ng Punong-lungsod ng Daegu."

Artikulo 15 (Pagtitiwalag ng mga Kasapi)
Ang alkalde ay maaring itiwalag ang isang kasapi kahit pa sa panahong ng kanyang termino sa kasong may mangyaring alinman sa mga sumusunod.
1. Kung may kasaping magbitiw sa tungkulin sa panahon ng kanyang termino;
2. Ang pagganap ng tungkulin ay naging mahirap o imposible dahil sa kamatayan, emigrayon, sakit na nangangailangan ng mahabang panahong ng gamutan, atbp.;
3. Ang pagganap ng tungkulin ay napagpasyahang hindi angkop sa tao dahil sa pagkasira ng karangalan, atbp.;

4. Ang isang taong nahatulan ng pagkabilanggo na walang prison labor o nahatulan ng mas mabigat na parusa;
5. Kung mayroong impormasyon sa katiwaliaan, kabilang ang paggamit ng hindi nararapat na impluwensya o paghingi, hinggil sa tungkulin ng isang tao, atbp., ay natiyak.
6. Kung ang kasapp ay hindi nakadalo sa mga aktibidad ng Konseho sa loob ng mahabang panahon.

Kabanata 3 Pagtataguyod ng mga Programa sa Polisiya sa Pagsuporta sa mga Dayuhang Residente at mga Multikultyural na mga Pamilya, etc.

Artikulo 16 (Pagtataguyod ng Programa sa mga Polisiya)

(1) Ang alkalde ay maaring magtatag at magtaguyod ng taunang mga plano para sa pagpapabuti ng kapaligiran para sa mga lugar na sama-samang tinitirhan ng mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya.

(2) Ang alkalde ay maaring magtatag ng mga koneksyon at kooperatibang sistema para sa serbisyong hindi pangpamahalaan upang mapaghusay ang pagtataguyod ng mga programang pansuporta para sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya.

(3) Ang alkalde ay maaring magsagawa ng imbestigasyon sa kasalukuyang kalagayan kabilang ang istatistika, mga survey sa paghahanap ng mga katunayan ng konsentrasyon ng paninirahan, atbp., sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya na naninirahan sa lungsod.

(4) Ang alkalde ay maaring magtala ng pondong kailangan para sa pagpapatupad ng mga programa sa polisiya na nakatakda mula sa talata (1) hanggang (3).

(5) Sa pagpapatupad ng mga programa sa polisiya na nakatakda mula sa talata (1) hanggang (3), ang alkalde ay maaring humiling ng kinakailangang kooperasyon sa nauugnay na pampublikong ahensya sa loob ng lokal na hurisdiksyon. Ang pampublikong ahensya, na nakatanggap ng kahilingan, ay kailangang makipagtulungan sa gayong kahilingan, maliban sa mga espesyal na mga pangyayari.

Artikulo 17 (Paghihirang ng Setro ng Suporta sa mga Multikultyural na Pamilya, atbp.)

Ang alkalde ay maaring direktang pangasiwaan ang Sentro ng Suporta sa mga Multikultyural na Pamilya o maaring magtalaga o ipagkatiwala ito sa isang korporasyon o isang organisasyon na may mga propesyonal na tauhan at pasilidad.

Artikulo 18 (Pagtatalaga ng mga Tungkulin)

(1) Kung ipinagpapalagay na kailangan, ang alkalde ay maaring ipagkatiwala ang lahat ng mga bahagi ng mga tungkuling nakaatas sa ilalim ng Artikulo 7 upang suportahan ang grupo bilang nakatakda sa pamamagitan ng "Ordinansa sa Pagtataguyod ng Pagtatalaga ng mga Tungkulin sa mga Hindi Pampamahalaang Sektor at Pamamahala sa Punong-lungsod ng Daegu.

(2) Kapag ang mga tungkulin ay naipagkatiwala na alinsunod sa talata (1), ang alkalde ay

maaring suportahan ang singil sa operasyon ng taong pinagkatiwalaan sa loob ng saklaw ng pondo.

(3) Kapag ang mga tungkulin ay naipagkatiwala o ang singil sa operasyon ay nasuportahan alinsunod sa talata (1) at (2), ang alkalde ay maaring atasan ang mga nauugnay na pampublikong opisyal na magsagawa ng regular na pagsisiyasat sa mga may kaugnayn na bagay isang beses sa isang taon, at kung kinakailangan, maaring madalas na magbigay at magsagawa ng instruksyon at eksaminasyon.

Artikulo 19 (Suporta sa Suportang Grupo)

Ang alkalde ay maaring magbigay ng kinakailangang administratibo at pinansyal na suporta para sa mga aktibidad ng suportang grupo.

Artikulo 20 (Araw ng Pagsasama-sama)

(1) Ang alkalde ay dapat na italaga ang ika 20 ng Mayo ng bawat taon bilang "Araw ng Pagsasama-sama ng Punong-lungsod ng Daegu" at italaga ang linggo na sumusunod sa Araw ng Pagsasama-sama bilang "Linggo ng Pagsasama-sama" upang makasama ang mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya at upang liwanagin ang ibig sabihin ng pagkakaiba-iba ng kultura.

(2) Upang maipagdiwang ang Araw ng Pagsasama-sama at ang Linggo ng Pagsasama-sama, ang mga sumusunod na mga gawain ay maaring idaos.

1. Mga seremonya at kultyural, sining, at mga pampalakasang gawain.
2. Pagpapakita ng mga pananaliksik at pandaigdigang palitan ng mga gawain;
3. Paggagawad ng honorary citizenship at pagkakaloob ng pagpapalakas ng loob sa mga tao at organisasyong karapat-dapat na gantimpalaan (kabilang ang mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya);
4. Iba pang mga gawain na magbibigay ng lokal na interes sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya.

Artikulo 21 (Gantimpala)

(1) Ang alkalde ay maaring gantimpalaan ang mga indibidwal, korporasyon, o mga organisasyon na nakilala na may malaking naiambag sa bansa at sa lokal na komunidad sa pamamagitan ng mga aktibidad na sumusuporta sa mga dayuhang residente at mga multikultyural na pamilya.

(2) Ang mga pamamaraang kailangan para sa paggagawad ng gantipala ay dapat na naayon sa "Ordinansa sa Operasyon ng Iba't Ibang Gantimpala sa Punong-lungsod ng Daegu."

Artikulo 22 (Honorary Citizen)

(1) Ang alkalde ay maaring parangalan ng honorary citizen ang mga dayuhang residente na nakagawa ng makabuluhang kontribusyon sa pagbuo ng administrasyon.

(2) Mga bagay patungkol sa magalang na pagtrato sa honorary citizen at paggagawad ng sertipiko ng honorary citizen ay dapat na naayon sa "Ordinansa sa Paggagawad ng Sertipiko ng Honorary Citizenship."

Artikulo 23 (Pagpapatupad ng Panuntunan)

Mga bagay na kailangan para sa pagpapatupad ng ordinansang ito ay dapat na maitatag bilang mga panuntunan.

ADENDA

Artikulo 1 (Petsa ng Pagpapatupad)

Ang ordinansang ito ay dapat na maging ganap na batas sa petsa na ito ay maiproklama.

Artikulo 2 (Pagpapawaalang bisa ng iba pang mga Ordinansa)

Ang mga sumusunod na mga ordinansa ay dapat na mapawalang bisa.

1. Ordinansa sa pagsuporta ng mga dayuhang residente sa Punong-lungsod ng Daegu.
2. Ordinansa sa pagsuporta sa mga multikultyural na pamilya sa Punong-lungsod ng Daegu.

Artikulo 3 (Pangkalahatang Panukalang Transisyonal)

Mga programang sinusuportahan alinsunod sa "Ordinansa sa suporta sa mga dayuhang residente ng Punong-lungsod ng Daegu" at "Ordinansa sa suporta sa mga multikultyural na pamilya sa Punong-lungsod ng Daegu" bago ang petsa ng pagpapatupad ng ordinansang ito ay dapat na maipagpalagay na naipatupad nang naayon sa ordinansang ito.